# Ang Totoo Raya, Ang Buwan ay Itlog ng Butiki

---

1. **Ang Totoo Raya, Ang Buwan ay Itlog ng Butiki**
2. **Bilangin Natin ang Ating Biyaya**
3. **Tugmaan at Bugtungan**
4. **Ang mga Nalilimutan Nating Kulay**
5. **Kawangis na Hugis**
6. **Mga Tunog na Walang Kaabog-abog**
7. **Si Tanya, ang Uwak na Gustong Pumuti**
8. **Si Ding Kambing**
9. **Kung Bakit Walang Ipuipu sa Isla Banayad**
10. **Ang Totoo, Raya**

### Ang Totoo Raya, Ang Buwan ay Itlog ng Butiki

Ang totoo, Raya, anak
Ang iyong ngalan ay mula sa Haraya,
Na ang ibig sabihin ay "imahinasyon,"
Ang kakayahan ng isip na bumuo
Ng mga larawang wala rito, wala roon.

Dahil ang totoo, Raya,
Wala naman tayong pera
Di makasasakay ng eroplano at barko
Pero sa pamamagitan ng haraya,
Malilibot natin ang mundo.

Makaaangkas tayo sa batok ni Tinyente Tipaklong
Makalululan sa pakpak ni Prinsipe Paruparo
Makauupo sa kandungan ni Reynang Ulap
Makapaglalambitin sa ningning ni Prinsesang Bituin
Makapagsusuot sa daliri ng singsing ni Haring Saturn

Ang ulam nating tuyo, maglalasang fried chicken
Ang tubig mula sa gripo ay malamig na pineapple juice
May panghimagas pa tayong tupig at panutsa
Malambot ang kama para sa ating siesta
Sa ating panaginip, tayo lagi ang bida.

Ang ating mga luha ay nagiging ginto
Ang sugat sa tuhod biglang maglalaho
May nais ka bang hindi makamtan-kamtan?
Pumikit ka lang, Raya, at paganahin ang haraya
Pagdilat ng mata, nasa paraiso ka na.

Ang totoo, Raya,
Walang imposible sa haraya
Makikikita mo ang daigdig sa nais mong itsura—
Ang araw ay rambutang laging nagbabaga
Ang buwan ay itlog ng butiking kalaro mo kanina.

**Bilangin Natin ang Ating Biyaya**

Isa
Dalawa
Tatlo
Wala akong kuto

Apat
Lima
Anim
Ngipin ko'y di maitim

Pito
Walo
Siyam
Tiyan ay di kumakalam

Sampu
Labing-isa
Sa pagsusulit ay nakapasa

Labindalawa
Labintatlo
Pamilya ko ay kumpleto

Labing-apat
Labinlima
Kaibigan ko ay kasama

Labing-anim
Labimpito
Nakaligtas kami sa bagyo

Labing-walo
Labinsiyam
Umaaraw na naman

Pagbilang ng dalawampu
Salamat, Dios ko po.

**Tugmaan at Bugtungan**

Subukin natin, Raya,
Ang talas ng iyong isipan
Kapag iyong nasagot
Di ka paghuhugasin ng pinggan:

“Nang biyakin ko ang araw,
Lumuha ang buwan.”
Ang tamang sagot
Ay rambutan.

“Paruparong ginto,
Naipit sa pinto,”
Bisagra ang sagot,
Huwag kang sumimangot.

“Kapirasong katad,
Natatakpan ang lahat.”
Wala na ngang iba
Kundi ang iyong talukap.

“Nang ibuhos ay mga ngipin,
Mga bulaklak nang hanguin.”
Salamat at nahulaan mo rin
Popcorn nga itong masarap papakin.

“Bangkang pagkaliit-liit,
Sa maalon nagpupumilit.”
Tumpak, plantsa nga!
Para sa gusot mong damit.

“Sa mainiting ulo ni Mirasol,
Siyam na kuto ang nagpapatrol.”
Solar system ang isagot mong
Walang kagatol-gatol.

Bago tayo mapunta
Sa ibang planeta’t kalawakan
Ihinto muna natin, anak
Ang tugmaan at bugtungan

Nais ko lang patunayan
Na mayaman ang ating bayan
Sa pamanang karunungan
Ng ating kanunu-nunuan.

**Ang mga Nalilimutan Nating Kulay**

Ang saya ni Lola
Ay bulaklaking lila

Ang sapatos ng batang munti
Ay mapusyaw na lunti

Ang bestida ni Angge
Ay kulay kayumanggi

Ang damit ng anghel
Ay matingkad na kahel.

Ang sepilyo ni Rogelio
Ay kulay-amarilyo

Ano nga pala iyang suot mong barong?
Kulay rosas ba o pink, o limbaon?

Ang buhay natin ay puno ng kulay
Parang bahagharing may saringkulay.

**Kawangis na Hugis**

Ang bilog na bola ay sa langit inihagis
Namimilog na mga mata ang tumugis

Kumukuti-kutitap ang mga bituin
Katulad ng kislap ng iyong paningin

Ang buwan ay tila kudlit na ngiti sa kalangitan
Kawangis ng bangka sa maalong karagatan

Biglang nagdilim ang mga ulap
Tila mga bulak na nalubog sa burak

Nag-uunahang sibat ang patak ng ulan
Tumutusok sa mga lambak at parang

Umuwi na tayo sa bahay-kubo
Isang parisukat nating paraiso

Sa parihaba nating dulang
Si Itay at Inay ay nag-aabang

Pagsaluhan natin ang mainit na hapunan
At ang walang hugis nating pagmamahalan.

**Mga Tunog na Walang Kaabog-abog**

“Tsuug-tsuuug-tsuuug-tsuuuug!”
Ang sabi ng tren
Napalingon tuloy si Penpen de Sarapen

“Waang-waaang-waaang-waaaang!”
Babala ng ambulansiya
Napatabi tuloy si Mariang Mustasa

“Huung-huuung-huuung-huuuung!”
Paalam ng barko
Naiwan si Kokoy Kuhol doon sa estribo

“We-weng-wee-weng-weee-weng!:
Ang trak ng bumbero’y pasulong
Nasusunog ang bahay ni Pong Pagong!

“Pooot-poooot-poooot!”
Sa sobrang katakawan sa kamote
Napautot tuloy si Kurdapyong Kapre!

**Si Tanya, ang Uwak na Gustong Pumuti**

Pangarap ni Tanyang pumuti at kuminang
Katulad ng mga tagak doon sa parang

Kaya binalak niyang manguha ng dagta
Ito raw ay pampakinis ng binti, hita at mukha

Pipitas na sana siya ng manibalang na kaimito
Nang mapansin niya sa ibabang may mangangaso

Nakaumang na sa kanya ang riple nito
Inaasinta ang kanyang sentido

Dagli siyang nagtago sa ilalim ng dahon
Salamat at kakulay niya ang anino niyaon

Kakamot-kamot ng ulong lumisan na lamang
Ang mangangasong nawalan ng tanghalian

Napahagulgol si Tanya sa pagpapasalamat
Sa kulay niyang itim na kulay burak.

**Si Ding Kambing**

Si Ding ay batang
Ayaw na ayaw maligo
Takot siya sa tubig
Hinahabol na ng tabo

Kahit sa banyo
O sa swimming pool
Sa dagat, sa ilog
O sa talon

Basta may tubig
Di mo siya makikita
Kahit family outing o reunion
Basta may swimming, wala siya roon.

Problema na si Ding
Ng buong baranggay
Dahil sa kanya
Paligid ay umaalingasaw

Ngunit isang tanghali
Na tirik ang araw
Nakita nila si Ding
Sa ilog ay nagtatampisaw

Di siya makaahon
Di makapalahaw
Inihagis pala siya sa ilog
Ng isang batalyong langaw!

**Kung Bakit Walang Ipuipu sa Isla Banayad**

“Walang dako sa islang di napuntahan,”
Pagyayabang ni Hangin sa kaibigan,
“Dagat, lambak, ilog, talampas at bulkan,
Nagalugad ko na ang lahat nang iyan!”

“May alam akong hindi mo pa narating,”
Sabat ng nakangising si Petring Pating.
“Mayro’ng dagat na panay ulap ang dingding,
Ulap ang kisame, sahig ay gayundin.”

“Kalokohan ‘yan, kaibigang matinik,”
Inis na si Hangin, nais nang mamitik,
“Kahit ano’ng lalim, kahit ano’ng tarik,
Sa isang ihip ko ay matatangkilik!”

“Kung ika’y papayag ‘pag napatunayan
Na may dagat kang hindi pa nasilayan,
Di ka na bubuga pa ng ipuipu,”
Ang hamon ni Petring sa kanyang amigo.

“At kapag ang dagat, akin nang narating
Habambuhay ka namang hindi kakain,
Hindi ka mananakmal ng mga tao,”
Ganting-hamon ni Hangin sabay silbato.

Sa lakas ng buga ni Hanging mabagsik
Isang puno ng n’yog ang napatiwarik
Isang bunga ang nayugyog at nahulog
Umagos ang dagat sa nabiyak na n’yog.

Napakamot ng ulo itong si Hangin
Ninais na nitong tumalon sa bangin
May dagat nga namang di pa niya narating—
Nasa loob ng n’yog na bibitin-bitin!

**Ang Totoo, Raya**

Ang totoo, Raya,
Nakita ka raw ni Kuwago
Di mo raw kinain ang gulay sa ‘yong plato;

Ang totoo, Raya,
Narinig ka raw ni Kuneho
Nakikipagsigawan ka sa mga kalaro mo

Ang totoo, Raya,
Naamoy ka raw ni Elepante
Di ka raw naghilamos noong isang gabi

Ang totoo, Raya,
Nahipo raw ang noo mo ni Balyena
May lagnat ka nga raw kanina pang umaga

Ang totoo, Raya,
Si Tatay ay tumutula
Upang kapag nabasa mo,

Lagnat ay biglang mawala.